



Out-of-Hospital Cardiac Arrest (OHCA)

- Noong 2023, 15.9% ng mga bata edad 1 hanggang 18 taon na nagkaroon ng OHCA at ginamot ng emergency medical services ang naka-survive at na-discharge sa ospital.
- Sports-related sudden cardiac arrest ang bumubuo sa 39% ng mga sudden cardiac arrest sa mga edad ≤ 18 taon sa Portland, OR mula 2002 hanggang 2015.
- Noong 2023, bahay ang naging lokasyon ng emergency medical services-treated OHCA para sa 91.7% ng mga sanggol na wala pang 1 taong gulang at 83.0% ng mga bata edad 1 hanggang 18 taon.

Mga Congenital Cardiovascular Defect (ICD/10 code Q20-Q28) (ICD/9 code 745-747)

- Sa high-income North America, kabilang ang Estados Unidos, ang prevalence ng congenital cardiovascular defects (CCD) sa panganganak ay tinatayang 12.3 kada 1000 ayon sa 1990 hanggang 2017 na data.
- Noong 2022, ang mga congenital cardiovascular defect ang pinakakaraniwang sanhi ng pagkamatay ng mga sanggol dahil sa mga birth defect; 23.0% ng mga sanggol na namatay dahil sa birth defect ang may heart defect.
- Ang mga trend sa mga pangkalahatang age-adjusted na rate ng pagkamatay na maiuugnay sa mga CCD ay nagpakita ng pagbaba mula 1999 hanggang 2017 na may relatibong hindi paggalaw mula 2017 hanggang 2022.

Stroke sa Mga Bata

- Mas mataas ang mga naiulat na insidente ng stroke sa mga bagong silang kumpara sa mas malalaking bata (1/3500 buhay na panganganak/y versus 1–2/100 000 buhay na panganganak/y).
- Sa isang pagsusuri ng data mula sa IPSS mula 2003 hanggang 2014 (N=3253 batang may ischemic stroke), 903 (28%) ang cardiac disease ang pangunahing etiology para sa stroke, kabilang ang 231 (7%) na may isolated patent foramen ovale. Sa n=672 pasyenteng may cardiac disease na hindi dahil sa patent foramen ovale, 177 (26%) ang peri-procedural na may index stroke na naganap sa loob ng 72 oras mula cardiac surgery (n=92), cardiac catheterization (n=63), o sinuportahan ng mekanikal na device (n=24).
- Sa 355 na-stroke na bata na tuloy-tuloy na na-follow up bilang bahagi ng isang multicenter study na may median follow-up na 2 taon, ang cumulative na pag-ulit ng stroke ay 6.8% sa 1 buwan at 12% sa 1 taon.

Mataas na Presyon ng Dugo

- Noong 2015 hanggang 2016, 13.3% ng mga bata at kabataan edad 8 hanggang 17 taon ang may mataas na blood pressure at 4.9% ang may hypertension. Mas mataas ang mga rate ng mataas na blood pressure sa mga kabataan edad 13 hanggang 17 kumpara sa mga edad 8 hanggang 12 (15.6% at 10.8% ayon sa pagkakabanggit).

Mga Bata at CVD – Fact Sheet ukol sa Mga Istatistika sa 2025

- Noong 2015 hanggang 2016, sa mga kabataan edad 8 hanggang 17, mas karaniwan ang mataas na blood pressure sa mga lalaki (5.9%) kumpara sa mga babae (3.8%) at sa mga Mexican American na kabataan (9.0%) kumpara sa mga non-Hispanic (NH) Black na kabataan (4.7%), at NH White na kabataan (2.7%). Ang pagkakaroon ng mataas na blood pressure ay mas karaniwan sa mga lalaki (16.9%) kumpara sa mga babae (9.8%). Bukod pa rito, mas malamang na magkaroon ng mataas na blood pressure ang mga Mexican American na kabataan (16.9%) at NH Black na kabataan (16.4%) kumpara sa mga NH White na kabataan (10.7%).
- Noong 2015 hanggang 2016, ang prevalence ng hypertension ay 11.6% sa mga kabataan sa US na may obesity (body mass index na $\geq 120\%$ ng ika-95 percentile ng sex-specific na body mass index para sa edad o body mass index na ≥ 35 kg/m²) kumpara sa 2.7% sa mga kabataang may normal na timbang/kulang sa timbang. Ang prevalence ng mataas na blood pressure sa mga kabataang may obesity kumpara sa mga kabataang normal ang timbang/kulang sa timbang ay 16.2% kumpara sa 8.7%.

Paninigarilyo

Noong 2023:

- 12.6% ng mga estudyante sa high school ang nakagamit ng anumang produktong tabako at 6.6% ng mga estudyante sa middle school ang nakagamit ng anumang produktong tabako sa nakalipas na 30 araw; 1.9% ng mga estudyante sa high school at 1.1% ng mga estudyante sa middle school ang nanigarilyo sa nakalipas na 30 araw.
- 1.5% ng mga estudyante sa high school at 0.7% ng mga estudyante sa middle school ang gumamit ng smokeless tobacco sa nakalipas na 30 araw.
- 1.8% ng mga estudyante sa high school at 1.1% ng mga estudyante sa middle school ang gumamit ng mga cigar sa nakalipas na 30 araw.
- Noong 2023, 10.0% ng mga estudyante sa high school at 4.6% ng mga estudyante sa middle school ang gumamit ng mga e-cigarette sa nakalipas na 30 araw.
- Noong 2023, mas mababa ang posibilidad ng mga NH White na kabataan (1.6%) at NH multiracial na kabataan (1.6%) na mag-ulat ng paninigarilyo kumpara sa mga Hispanic na kabataan (2.1%) sa nakalipas na 30 araw. Para sa mga cigar, noong 2022, ang pinakamataas na prevalence ay nasa mga NH Black na kabataan (2.3%) at mga Hispanic na kabataan (2.2%) kumpara sa mga NH White (1.0%) na kabataan.

Mataas na Cholesterol sa Dugo

- Ayon sa 2017 hanggang 2020 na data, sa mga bata edad 6 hanggang 11 taon, ang mean na kabuuang blood cholesterol level ay 157.4 mg/dL; 157.5 mg/dL para sa mga lalaki at 157.2 mg/dL para sa mga babae.
- Ayon sa 2017 hanggang 2020 na data, sa mga kabataan edad 12 hanggang 19 na taon, ang mean na kabuuang blood cholesterol level ay 154.8 mg/dL; 150.1 mg/dL para sa mga lalaki at 159.7 mg/dL para sa mga babae.
- Sa mga kabataan edad 6 hanggang 19, ang prevalence ng mga elevated na total cholesterol level (total cholesterol ≥ 200 mg/dL) noong 2009 hanggang 2016 ay 7.1%. Sa mga kabataan edad 6 hanggang 19, ang prevalence ng mga ideal TC level (TC < 170 mg/dL) noong 2015 hanggang 2016 ay 71.4%.

Pisikal na Aktibidad (PA)

- Gamit ang parental report, noong 2022, ang dami ng mga kabataang aktibo sa loob ng ≥ 60 minuto kada araw ng linggo sa buong bansa ay mas mataas para sa mga kabataan edad 6 hanggang 11 (25.2%) kumpara sa mga kabataan edad 12 hanggang 17 (12.9%).
- Noong 2021, ang dami ng mga estudyante sa high school sa buong bansa na nagsasagawa ng ≥ 60 minutong pisikal na aktibidad sa loob ng lahat ng 7 araw sa isang linggo ay 23.9%. Mas mataas ang porsyento sa mga lalaki (31.7%) kumpara sa mga babae (15.7%).
- Sa buong bansa noong 2022, 37.9% ng kabataan edad 12 hanggang 17 ang gumugol ng ≥ 4 h/d sa isang karaniwang araw na may pasok sa harap ng telebisyon, computer, smartphone, o iba pang electronic device para manood ng mga programa, maglaro ng games, mag-access ng internet, o gumamit ng social media, hindi kasama ang panahong ginugol para sa mga gawain sa paaralan.

Labis na Timbang at Obesity

- Ayon sa NHANES data mula 2017 hanggang Marso 2020 (bago ang COVID-19 pandemic), sa mga bata at kabataan sa US edad 2 hanggang 19 na taon, ang prevalence ng obesity ay 19.7% sa pangkalahatan, 20.9% para sa mga lalaki, at 18.5% para sa mga babae. Tumaas ang prevalence ng obesity kasabay ng edad, kung saan 12.7% ang para sa mga edad 2 hanggang 5 taon, 20.7% ang para sa mga edad 6 hanggang 11 taon, at 22.2% para sa mga edad 12 hanggang 19 na taon.
- Ayon sa NHANES data mula 2017 hanggang Marso 2020, ang prevalence ng obesity sa mga bata at kabataan edad 2 hanggang 19 na taon ay 17.6% at 15.4% para sa mga NH White, 18.8% at 30.8% para sa mga NH Black, 13.1% at 5.2% para sa mga NH Asian, at 29.3% at 23.0% para sa mga Hispanic na lalaki at babae, ayon sa pagkakabanggit.

Diabetes (ICD-9 250; ICD-10 E10 hanggang E14)

- Noong 2021, 352 000 bata at kabataan edad < 20 , o 35 kada 10 000 kabataan sa US, ang na-diagnose ng diabetes. Kasama rito ang 304 000 na may type 1 diabetes.
- Sa mga kabataan sa US edad 12 hanggang 18 noong 2005 hanggang 2016, ang prevalence ng nagkaroon ng prediabetes ay 18.0%. Mga kabataang lalaki ang may mas mataas na posibilidad ng prediabetes kumpara sa mga babae (22.5% kumpara sa 13.4%).

Malusog na Diyeta

Batay sa 2015 hanggang 2016 na data, nakadetalye sa ibaba ang average na dietary na pagkonsumo ng mga bata at kabataan sa US ng mga piling pagkain at sustansyang nauugnay sa cardiometabolic na kalusugan.

- Whole Grains— mababa ang pagkonsumo; 0.95 serving kada araw sa mga kabataan.
- Prutas— mababa ang pagkonsumo (0.68 serving kada araw) at bumababa sa pagtanda. Ang mga NH Asian na kabataan at iba pang lahi, kabilang ang mga multiracial na kabataan, ang may pinakamataas na pagkonsumo ng buong prutas, na sinusundan ng mga NH White na kabataan, iba pang Hispanic na kabataan, mga Mexican American na kabataan, at mga NH Black na kabataan.
- Gulay na walang starch—mababa ang pagkonsumo na may tinatayang average na pagkonsumo na 0.57 serving kada araw. Tumataas ang pattern ng pagkonsumo sa pagtanda.

Mga Bata at CVD – Fact Sheet ukol sa Mga Istatistika sa 2025

- Isda at shellfish— mababa ang pagkonsumo na may tinatayang average na pagkonsumo na 0.06 serving kada araw. Tumataas ang pattern ng pagkonsumo sa pagtanda.
- Mga inuming may asukal— ang pagkonsumo ay 1.0 serving kada araw day at tumataas ang pattern ng pagkonsumo habang tumatanda.
- Ang pagkonsumo ng matatamis at bakery dessert ang bumubuo sa average na 6.07% ng calories sa mga kabataan sa US.
- Sodium— ang pagkonsumo ay 3.33 g/d at tumataas ang pattern ng pagkonsumo sa pagtanda.
- Saturated fat — ang pagkonsumo ay 12.1% ng calories ng mga kabataan sa US.
- Mga mani at buto— mababa ang pagkonsumo na may tinatayang average na pagkonsumo na 0.40 serving kada araw
- Mga processed na karne — ang pagkonsumo ay 0.27 serving kada araw day, kung saan mas mataas ang pagkonsumo ng mga lalaki kaysa sa mga babae.
- Ang pagkonsumo ng dietary fiber ay 15.6 g/d.

Ang mga fact sheet, infographics, at mga kasalukuyan/dating paglalathala ng Update sa Istatistika ay mada-download mula sa:

[Heart and Stroke Association Statistics | American Heart Association](#) (Website sa Ingles).

Maraming istatistika sa fact sheet na ito ang galing sa mga hindi nailathalang tabulation na pinagsama-sama para sa dokumento ng Update sa Istatistika at maaaring banggitin gamit ang citation sa dokumento na nakalista sa ibaba. Nakalista sa buong dokumento ang mga pinagkunan ng data na ginamit para sa mga tabulation. Dagdag dito, nanggaling sa mga nailathalang pag-aaral ang ilang istatistika. Kung babanggitin mo ang alinman sa mga istatistika sa fact sheet na ito, pakibasa ang buong dokumento ng Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke upang malaman ang mga pinagkunan ng data at orihinal na citation.

Hinihiling ng American Heart Association na banggitin ang buong dokumento na gaya ng sumusunod:

Martin SS, Aday AW, Allen NB, Almarzooq ZI, Anderson CAM, Arora P, Avery CL, Baker-Smith CM, Bansal N, Beaton AZ, Commodore-Mensah Y, Currie ME, Elkind MSV, Fan W, Generoso G, Gibbs BB, Heard DG, Hiremath S, Johansen MC, Kazi DS, Ko D, Leppert MH, Magnani JW, Michos ED, Mussolino ME, Parikh NI, Perman SM, Rezk-Hanna M, Roth GA, Shah NS, Springer MV, St-Onge M-P, Thacker EL, Urbut SM, Van Spall HGC, Voeks JH, Whelton SP, Wong ND, Wong SS, Yaffe K, Palaniappan LP; sa ngalan ng Komite sa Mga Istatistika at Komite sa Mga Istatistika ng Stroke ng Konseho sa Epidemiyolohiya at Pag-iwas ng American Heart Association. Mga istatistika ng sakit sa puso at stroke sa 2025: isang ulat mula sa American Heart Association tungkol sa data mula sa US at buong mundo. *Circulation*. Na-publish online noong Enero 27, 2025.

Pakidirekta ang lahat ng tanong sa media sa News Media Relations sa <http://newsroom.heart.org/newsmedia/contacts> (Website sa Ingles).